

Madiskarteng Kahilingan sa Waiver para sa Pagtatasa at Pananagutan ng Washington (Washington's Assessment & Accountability Strategic Waiver Request): Taon sa Paaralan 2020-21

Pinagmulan at Layunin

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng U.S. (U.S. Department of Education) ay nag-isyu ng proseso para sa pagsusumite ng mga estado ng kahilingan na i-waive ang ilang kinakailangan para sa pagtatasa at pananagutan sa taon ng paaralan 2020-21. Bagama't pinag-iisipan ang ilang flexibility sa mga kinakailangan, hindi iniimbitahan ng Department of Education ang buong kahilingan sa waiver. Kasama sa dokumentong ito ang mga pangunahing punto ng kahilingan para sa waiver ng Tanggapan ng Superindendent ng Pampublikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction, OSPI) upang matugunan ang mga pederal na kinakailangan.

Layunin ng ipinanukalang plano sa pagtatasa ng mag-aaral para sa tagsibol 2021 na bawasan nang husto ang mga pasanin ng pagsusulit sa mga mag-aaral, pamilya, paaralan, at mga distrito ng paaralan sa buong Washington habang tinutupad din ang pangangailangang makakuha ng mga tumpak, kumakatawang pagtanyta sa antas ng kakayahang pang-akademiko ng mga mag-aaral.

Mga Pangunahing Bahagi ng Kahilingan sa Waiver

- Magsusuri kami ng sample ng pang-estadistikang kakatawan sa humigit-kumulang 50,000 mag-aaral, sa halip na buong pagsusult para sa lahat ng mag-aaral na karaniwang lumalahok (700,000 mag-aaral). Isasagawa ang mga pagtatasa sa limang baitang, na may isang asignatura lamang kada baitang.
- Luulat namin ang pangkalahatang resulta sa buong estado, pati na rin ang para sa mga partikular na grupo ng mag-aaral.
- Isasagawa ang pagtatasa sa kasanayan sa wikang Ingles sa lahat ng tinukoy ng estado na nag-aaral ng wikang Ingles.
- Mapapanatili ng mga paaralan na kasalukuyang kinilala para sa mga suporta sa pagpapahusay sa ilalim ng Batas na Bawat Mag-aaral ay Magtatagumpay (Every Student Succeeds Act, ESSA) ang katayuang iyon sa taon sa paaralan 2021-22.



Karagdagang Impormasyon tungkol sa Kahilingan

- Susuriin ang sumusunod na mga baitang at larangan:
 - Baitang 3 at 7: English language arts (Smarter Balanced at Access ng Washington sa Pagtuturo at Pagsukat (Washington Access to Instruction & Measurement, WA-AIM))
 - Baitang 5 at 10: mathematics (Smarter Balanced at WA-AIM)
 - Baitang 8: science (Komprehensibong Pagtatasa sa Agham ng Washington (Washington Comprehensive Assessment of Science, WCAS) at WA-AIM)
- Ang pagtatasang Smarter Balanced (Sining sa Wikang English (English Language Arts, ELA) & Math) ay humigit-kumulang 2/3 ng haba ng karaniwang pangangasiwa.
- Magiging karapat-dapat ang lahat ng mag-aaral at paaralan na maisama sa sample, kasama ang mga mag-aaral na may kapansanan at mga nag-aaral ng Ingles.
- Sa loob ng bawat baitang, humigit-kumulang na 12% ng mga paaralan ang random na pipiliing mapunta sa sample.
- Personal na kukumpletuhin ang lahat ng pagtatasa (walang remote o malayuang pangangasiwa).

Mga Benepisyo sa Pamamaraan ng Washington

- Pinapayagan ng mga binawasang pagtatasa sa estado na gawing prioridad ng mga distrito ang oras ng pagtuturo at mga pagtatasa na nakabatay sa silid-aralan para masukat ang pagsulong ng mag-aaral.
- Mas maraming pagtuon sa mga pagtatasa na pinagpasiyahan ng distrito, na makakapagbigay ng impormasyon sa mga plano ukol sa pagbawi at pagpabilis ng pag-aaral ng estudyante.
- Nagbibigay ng tumpak na pagtatantya sa mga antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, pati na rin ang mga pagbabago sa antas ng kasanayan bago at pagkatapos ng pandemya sa buong estado.

Pamamaraan ng Pagpili ng Sample

Nakipagtulungan ang OSPI sa University of Washington para magdisenyo ng madiskarteng dalawang-yugtong plano sa pagpili ng sample ng mga grupo (cluster sampling plan) para kumatawan sa mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralan ng Washington. Ang sample ay magiging kinatawan ng bawat grupo ng mag-aaral na naiulat ayon sa Plano ng Batas na Bawat Mag-aaral ay Magtatagumpay (ESSA) ng estado.

Sangkot sa plano sa pagpili ng sample para sa bawat isa sa limang baitang ang pagtatakda ng mga pagpapangkat-pangkat sa mga distrito ayon sa kanilang distrito ng serbisyong pang-edukasyon (educational service district, ESD), at pagkatapos ay isasagawa ang random sampling sa 50% ng mga distrito sa bawat ESD (yugto 1). Sa mga napiling distrito na iyon, 25% ng mga paaralan ang random na pipiliin para sa paglahok (yugto 2). Lahat ng mag-aaral sa baitang na

iyon sa loob ng mga napiling paaralan ay susuriin sa naaangkop na paksa ng pagsusulit na partikular para sa baitang na iyon.

Timeline ng Komento ng Publiko at Pagsusumite ng Waiver

Bukas ang komento ng publiko sa Marso 16-22, 2021. Dapat isumite ang mga komento sa pamamagitan ng [survey ukol sa Komento ng Publiko sa Waiver sa Pagtatasa 2021](#), hanggang 5 pm sa Marso 22, 2021.

Isasama at ilalagay ang feedback sa kahilingan sa waiver at isusumite sa U.S. Department of Education sa Marso 23, 2021.

Mga Petsa ng Pagtatasa

Magbubukas ang petsa ng Pagtatasa sa Smarter Balanced sa Abril 5 hanggang Hunyo 11, Abril 12 hanggang Hunyo 11 ang WCAS, at magbubukas hanggang Abril 30 ang WA-AIM.

Mga Tanong

Pakipadala ang mga tanong mo tungkol sa kahilingan sa waiver ng Washington sa assessmentwaivercomments@k12.wa.us.